

## Ang Islam ba ay nagbigay ng pagkakapantay-pantay sa babae at lalaki?

Ang babaeng Muslim ay naghahanap ng katarungan at hindi ng pagkakapantay-pantay. Ang pagkakapantay-pantay sa lalaki ay mag-aalis ng maraming karapatan at pribilehiyo niya. Isipin na ang isang tao ay may dalawang anak, ang isa ay limang taong gulang at ang isa ay labing-walong taong gulang. Kung bibili siya ng damit para sa kanilang dalawa, ang pagkakapantay-pantay ay pagbili ng parehong sukat ng damit para sa kanilang dalawa, na magdudulot ng paghihirap sa isa. Ngunit ang katarungan ay pagbili ng tamang sukat ng damit para sa bawat isa, na magdudulot ng kaligayahan sa lahat.

Sa kasalukuyan, marami ang nagtatangkang ipakita na kayang gawin ng kababaihan ang lahat ng nagagawa ng kalalakihan. Subalit, sa ganitong kaisipan, nawawala ang natatanging katangian at mga pribilehiyo ng kababaihan. Nilikha ng Allah ang babae na may mga kakayahan na hindi kayang gawin ng lalaki. Ang sakit na nararanasan sa panganganak ay isa sa pinakamatinding sakit, at binigyan ng Allah ang babae ng karangalan kapalit ng hirap na ito, kasama na ang karapatan na hindi magtrabaho o magbigay ng suporta sa pamilya. Ang babae sa Islam ay hindi rin kailangang magbahagi ng kanyang yaman sa kanyang asawa, na kabaligtaran ng karaniwang nangyayari sa Kanluran. Bagaman walang kakayahan ang lalaki na tiisin ang sakit ng panganganak, binigyan naman siya ng Allah ng lakas upang gawin ang mga gawain tulad ng pag-akyat sa bundok.

Kung gusto ng isang babae na umakyat ng bundok at magtrabaho katulad ng lalaki, maaari niya itong gawin. Subalit sa huli, siya pa rin ang magdadala at mag-aalaga sa mga bata. Hindi ito kayang gawin ng lalaki, kaya't nagiging dobleng trabaho ito para sa kanya, na sana ay naiwasan niya.

Hindi alam ng marami na kung maghahabol ng karapatan ang isang babaeng Muslim sa pamamagitan ng United Nations at isusuko ang kanyang mga karapatan sa Islam, siya ay mawawalan, dahil mas marami siyang karapatan sa Islam. Ang Islam ang nagbibigay ng balanse sa pagitan ng mga tungkulin ng lalaki at babae, na nagdudulot ng kaligayahan para sa lahat.

سؤال وجواب حول الإسلام

Source: <https://www.the-faith.com/qa/tl/show/85/>

Arabic Source: <https://www.the-faith.com/qa/ar/show/85/>

Saturday 4th of April 2026 01:07:35 AM